

Ang San Diego County Psychiatric Hospital ay nasa 3853 Rosecrans Street. Katabi ito ng Health Services Complex ng County. Nasa kanluran lang ito ng Rosecrans at Pacific Highway, malapit sa Old Town ng San Diego.

Direktang dumadaan ang mga Bus Route 8, 9, 28 at 35 sa ospital, at humihinto ito malapit sa kanto ng Kurtz at Rosecrans, sa harap mismo ng Ospital.

Maaari ka ring sumakay sa troli patungo sa Old Town Trolley Station, kung saan maaari kang bumaba isang bloke lang ang layo mula sa ospital.

Tumawag sa (619) 233-3004 o (619) 685-4900 para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng Bus Route at Trolley.

MAHAHALAGANG NUMERO NG TELEPONO

San Diego County Psychiatric Hospital.....	692-8200
(Bukas nang 24 na oras)	
Emergency Psychiatric Unit, Unit-A	692-8222
Crisis Recovery Unit, Unit C	692-8225
Crisis Recovery Unit, Unit D.....	692-8227
Hospital Administration.....	692-8232
(Bukas tuwing Lunes-Biyernes 8:00am-5:00pm)	
HHSA Pharmacy.....	692-5740
(Bukas tuwing Lunes-Biyernes 8:00am-4:20pm)	
Financial Eligibility Worker.....	692-5612
Patient Advocate.....	(619) 282-1134
.....at (800) 479-2233	

ACCESS & CRISIS LINE
Mula sa mga lugar ng County Toll.....(888) 724-7240
TDD para sa may kapansanan sa pandin...(619) 641-6992

County of San Diego – Health and Human Services Agency
Behavioral Health Services – Inpatient Health Services

HHSA:MHS-251 2/17/17

Lupon ng Mga Supervisor:
Greg Cox, *Distrito 1*
Dianne Jacob, *Distrito 2*
Kristin Gaspar, *Distrito 3*
Ron Roberts, *Distrito 4*
Bill Horn, *Distrito 5*
CHIEF ADMINISTRATIVE OFFICER:
Helen N. Robbins-Meyer

San Diego County Psychiatric Hospital
3853 Rosecrans Street
San Diego, CA 92110-3115



County of San Diego
Health and Human Services Agency
Inpatient Health Services



**San Diego County
Psychiatric Hospital**
**3853 Rosecrans Street
San Diego, CA 92110-3115**
(619) 692-8200

INTRODUKSYON TUNGKOL SA OSPITAL

Ang San Diego County Psychiatric Hospital (SDCPH) ay isang hiwalay na ospital na pinopondohan ng pamahalaan mula sa buwis. Ito ay isang nakasarado na pasilidad at bahagi ng sistema ng pangangalaga ng County of San Diego Behavioral Health Services. Misyong ng Ospital na makapagbigay ng pagsusuring nauugnay sa pag-iisip at ng paggamot sa malalang kundisyon na nakatuon sa pagpapayo kapag may krisis para sa mga nasa hustong gulang na residente ng San Diego County. Layunin ng Ospital na matulungan ang mga pasyente na makapamuhay nang maayos sa kabila ng krisis sa kalusugan ng pag-iisip, maging matibay, at makapagpatuloy sa mas malayang antas ng pangangalaga.

PANGKALAHATANG-PANANAW NG OSPITAL

PAGTANGGAP

Maaaring tanggapin ang mga pasyenteng ipapasok nang kusang-loob o nang sapilitan. Ang pagtanggap sa ospital ay batay sa Lanterman-Petris-Short (LPS) Act, isang batas sa estado ng California na kumokontrol sa sapilitang pagpapasok ng pasyente dahil sa katayuan ng kalusugan ng pag-iisip. Upang tanggapin, dapat ay matukoy ang isang tao na may kapansanan sa pag-iisip at may panganib na manakit ng sarili, ng ibang tao, at/o malala na ang kapansanan (wala nang kakayahang maghanapbuhay para sa kanyang pagkain, damit o bahay dahil sa sakit sa pag-iisip). Dapat ding matugunan ng mga pasyenteng pinapasok nang kusang-loob ang parehong pamantayan.

Ang mga pagpapasya tungkol sa pagtanggap ay ginagawa sa Emergency Psychiatric Unit ng Ospital ng mga psychiatrist na pasado o kwalipikado sa board. Maaaring irekomenda sa ibang pasilidad sa komunidad ang mga taong nangangailangan ng pangangalaga, ngunit hindi nakakatugon sa pamantayan para sa pagtanggap.

PAGGAMOT

Gamit ang pinagsama-samang modelong medikal, biopsychosocial at pangrehabilitasyon, pinamumunuan ang Mga Team sa Paggamot ng isang psychiatrist at kinabibilangan ng mga social worker, nars, recreation therapist, dietitian at pharmacist.

Ang Ospital ay may sistema ng pangangalaga na kinabibilangan ng Recovery Unit (CRU) para sa mga serbisyong inpatient para sa nasa hustong gulang na may malalang kundisyon at ng Emergency Psychiatric Unit (EPU) para sa pagpapayo kapag may krisis at sa pagiging matibay. Kabilang sa paggamot ang paggamit ng mga diskarte para sa pagpapahusay sa mga kakayahan ng bawat tao sa pamamahala sa sarili niyang pag-inom ng gamot, pag-unawa at pagtukoy sa kanyang mga sintomas, at pagkakaroon ng mas mabuting pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Kapag kinakailangan, inaalok din ang pansuportang pagpapayo sa mga indibidwal na pasyente.

PARMASYA

Katabi mismo ng Ospital sa County Health Services Complex, naroon ang San Diego County HHS Pharmacy. Nagbibigay ang Parmasya ng gamot sa parehong mga inpatient ng CRU at sa mga ambulatory na pasyente ng EPU. Ang Pharmacy Services ay nagpapanatili ng stock ng mga pinakabagong gamot na naaprubahan sa pormularyo ng Medi-Cal upang matiyak na natatanggap ng aming mga kliyente ang pinakamagandang antas ng pangangalagang medikal.

PAKIKIPAGTULUNGAN SA PAMILYA NG PASYENTE

Kung maaari, nakikipagtulungan ang mga miyembro ng kawani ng Ospital sa pamilya ng pasyente. Sa pahintulot ng pasyente, iniimbitahan ang mga kapamilya o mahahalagang tao sa kanyang buhay sa mga pagpulong ng pamilya. Mayroong lingguhang pampamilyang pangkat ng suporta na madadaluhan ng mga pamilya. Nakakatulong ang pakikipagtulungan ng pamilya na makabuo ng mas maaasahang ugnayan sa pagitan ng pasyente at ng kanyang pamilya. Bukod pa rito, nagbibigay din ito ng suportang emosyonal para sa mga hindi kabilang sa isinasagawang pangangalaga sa pasyente, at nakakatulong sa kanila na malaman ang tungkol sa kapansanan sa pag-iisip at mga nauugnay na problema. Pinaniniwalaan din na nakakatulong ang pakikipagtulungan ng pamilya na maiwasan ang muling pagkakaospital sa hinaharap.

PAGLABAS NG OSPITAL AT PANGANGALAGA SA LABAS NG OSPITAL

Mahalagang bahagi ng sistema ng pangangalaga ang pagpapalano tungkol sa paglabas ng ospital, na nagsisimula sa paunang pagsusuri. Pangunahing tungkulin ito ng kawani ng Social Work, sa tulong ng iba pang kawani ng klinika na tumutulong sa pasyente. Alisunod sa mga regulasyon ng California Department of Health Care Services, ituturing ang mga pasyente sa pinakamalayang antas ng pangangalagang tumutugma sa kanilang kakayahan. Inirekomenda ang mga pasyente sa lahat ng naaangkop na pasilidad sa komunidad.

PAGIGING KWALIPIKADO SA PINANSYAL NA ASPETO

Maynoong bayarin para sa mga serbisyo ng ospital. Gayunpaman, walang hindi ginagamot dahil lang sa kawalan ng kakayahang magbayad. Ang mga pasyenteng hindi sapat ang kinikita ay maaaring kwalipikado para sa Medi-Cal o Medicare, o sa pagpopondo ng Short-Doyle Medi-Cal. Ang pagbabayad ng bayarin sa ospital ay batay sa kinikita, laki ng pamilya at mga ari-arian sa ilalim ng pormula ng estado na tinatawag na UMDAP (Uniform Method of Determining Ability to Pay). Inapakausap ang mga pasyente sa isang eligibility worker upang matulungan sa pagsagot ng mga kinakailangang pampinansyal na porma.

AKREDITASYON/PAGLILISENSYA

Nakakatugon ang San Diego County Psychiatric Hospital sa mahihigpit na pamantayan sa akreditasyon ng California Department of Public Health, Licensing and Certification Division, ng The Joint Commission, ng Center for Medicare and Medicaid Services (CMS) at ng California Department of Health Care Services. Ang pasilidad ay pinangasiwaan ng County of San Diego Health and Human Services Agency, Behavioral Health Services, sa ilalim ng dibisyon nito ng Inpatient Health Services.

PAGIGING KUMPIDENSYAL AT WALANG PANDIDISKRIMINASYON

Ipinapagkaloob sa lahat ng pasyente ang karapatang ituring nang may mahigpit na pagkakumpidensyal alinsunod sa mga probisyon ng batas ng estado at ng pederal na batas. Bukod pa rito, alinsunod sa Title VI ng Civil Rights Act of 1964, Seksyon 5604 ng Rehabilitation Act of 1973, sa Age Discrimination Act of 1975, at sa Americans with Disabilities Act of 1992, hindi nandiskrimina ang San Diego County Psychiatric Hospital batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kapansanan o edad. Maaaring makatanggap ng konsultasyon ang mga pasyente at pamilya mula sa Ethics Committee at/o sa Patient Advocate. Para sa higit pang impormasyon o upang maghain ng reklamo, makipag-ugnayan sa Hospital Administrator sa 692-8232.

MGA ORAS AT PATAKARAN SA PAGBISITA

Ang mga regular na oras ng pagbisita ay 7-8:15 PM mula Lunes hanggang Biyernes. Kapag Sabado, Linggo at mga *holiday* ang mga oras ng pagbisita ay 1-3 PM at 7-8:15 PM. Hanggang dalawang bisita ang pinapayagan nang sabay para sa mga pasyente. Paminsan-minsan, maaaring hindi payagan ng psychiatrist ang mga bisita hangga't hindi pa handa ang pasyente. Maaari ding hilingin ng mga pasyente na huwang payagan ang ilang partikular na bisita. Maaaring bumisita ang mga taong wala pang 18 taong gulang kapag may mga espesyal na pagkakasundo sa kawaning nangangalaga. Ipinagbabawal ang paninigarilyo sa ating pasilidad.

PAMPAMILYANG PANGKAT NG SUPORTA

Nagpulong ang pampamilyang pangkat ng suporta tuwing Martes (maliban sa mga *holiday*) mula 5:00 pm hanggang 6:30 pm sa Administration Conference Room na nasa SDCPH Administration Building.